

GRADE 2

# Leveled Reader
## in Filipino


# Isang Linggo sa Klase ni Ginang Reyes




Kuwento ni Yvette Tan
Guhit ni Rea Diwata Mendoza





Sabi ni Ginang Reyes, kapag maaga kaming pumasok sa susunod na linggo, may sorpresa siya para sa amin.




Lunes na Lunes, nahuling pumasok sina Carmen at Jasper. Mabagal kasi silang maglakad.




Noong Martes, nahuli si Isko. Hindi kasi siya nagising nang maaga.





Noong Miyerkoles,
nahuli kami ni Tope.
Nasira ang sinasakyan
naming traysikel.





Noong Huwebes, nahuli naman sina Arnel, Sam, at AJ. Namili pa kasi sila ng baon nila.



Biyernes na ngayon. Walang nahuli! Lahat kami ay pumasok nang maaga!



Sabi ni Ginang Reyes,
“Walang nahuli
ngayong araw kaya
bibigyan ko kayo ng
sorpresa.”



May inilabas na kahon
si Ginang Reyes. Ano
kaya ang sorpresa niya?

KAGAWARAN NG EDUKASYON
REPUBLIKA NG PILIPINAS

UNITED STATES AGENCY INTERNATIONAL DEVELOPMENT
USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE